at sa United Nations Children's Fund (UNICEF). Bukod dito, marami sa mga Baha'i National Spiritual Assemblies ay opisyal na nakatala sa tanggapan ng United Nations Information Centre.

## PANDAIGDIGANG KATAYUAN NG PANANAMPALATAYA



Ang mga Baha'i, sa loob ng maikling panahon ng 148 taon, ay nakapagtatag na ng Pandaigdigang Pamayanan na binubuo ng mahigit na 1820 iba't-ibang katutubong lahi sa higit na 360 bansa, teritoryo at isla, na kumakatawan sa tunay na paglalarawan sa buong sangkatauhan. Ang panitikang Baha'i ay naisalin na sa mahigit na 740 wika. Ganoon ang kalakasan nito, ang kapangyarihang ipakita nito ang espiritwal na katotohanan at ang bisa ng may banal na inspirasyon na Pangasiwaan nito.

## MGA ALITUNTUNING BAHA'I

Ang ilang mga pangunahing alituntuning Baha'i na ipinahayag ni Baha'u'llah para sa panahong ito:

1. **Ang Pagkakaisa ng Sangkatauhan** — Ang alituntunin ng pagkakaisa ng sangkatauhan ang iniinugan ng mga Turo ni Baha'u'llah. Ang pagkakaisa ng daigdig ang huling yugto sa ebolusyon ng sangkatauhan tungo sa kaganapan at ito'y maitatatag sa pagkilala ng bawat isa na itong pagkakaisa ng sangkatauhan ay ang pangunahing espiritwal na alituntunin sa araw na ito.
2. **Malayang Pagsasaliksik sa Katotohanan** — Ito ang kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan ng tao na maaari nang maganap ang malayang pagsasaliksik sa katotohanan. Ang tunay na malayang pagsasaliksik ay kinakailangan ng tao ang higit pa kaysa sa bulag na pagtanggap sa pananampalatayang itinuturo ng iba.
3. **Ang Iisang pundasyon ng lahat ng relihiyon** — Naniniwala ang mga Baha'i na ang lahat ng mga pangunahing relihiyon ng daigdig ay banal ang pinanggalingan. Ang lahat ng mga ito'y ipinahayag ng Diyos sa iba't-ibang mga lugar at iba't-ibang mga panahon sang-ayon sa nagbabagong mga pangangailangan at kakayahan ng mga tao.
4. **Ang pagkakasundo ng Agham at Relihiyon** — Itinuturo ni Baha'u'llah na ang relihiyon at agham ay nagkakasundo s a isa't-isa. Ang tunay na relihiyon at ang tunay na agham ay hindi salungat sa isa't-isa. Sila ay nagkaka-ugmang bahagi ng katotohanan.
5. **Ang Pagkakapantay-pantay ng Lalake at Babae** — Sa kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan ng relihiyon, ipinahayag ni Baha'u'llah ang pagkakapantay-pantay ng lalake at babae. Hindi Niya hinayaan ang pahayag na ito na maging mithiin o pangarap lamang bagkus ay isinama ito bilang pangunahing bahagi ng Kanyang kaayusang panlipunan. Itinataguyod Niya ito sa pamamagitan ng mga batas na nangangailangan ng pantay na uri ng edukasyon para sa mga babae at sa mga lalake at pantay na mga karapatan sa lipunan.
6. **Pagwawaksi ng Lahat ng Uri ng Paniniwalang walang batayan** — Ang tunay na lunas sa lahat ng paniniwalang walang batayan ay ang kabatiran sa Pagkakaisa ng Sangkatauhan. Sa pagkakataong mayroon nang espiritwal na kabatiran ang tao sa Pagkakaisa ng Sangkatauhan maiwawaksi na niya ang sarili niyang mga paniniwalang walang batayan.
7. **Panlahat at Sapilitan na Edukasyon** — Ang kaalaman ang isa sa pinakamalaking biyaya ng Diyos sa tao at ang mga pumipigil sa kanilang mga sarili na magkaroon ng higit na kaalaman ay magkakaroon ng higit na makitid na pamumuhay kaysa sa iba.
8. **Pandaigdigang Kapayapaan** — Ang pangunahing pakay ng mga turo ng Pananampalatayang Baha'i ay ang itaguyod ang Pagkakaisa ng Sangkatauhan at itatag ang Pandaigdigang Kapayapaan.

## KABILANG SA MGA PANGUNAHING ALITUNTUNING BAHA'I ANG:

1. Ang pagkakaroon ng pantulong na wikang pandaigdig
2. Ang pag-aalis ng sobrang kayamanan at kahirapan
3. Ang pagtatag ng Pandaigdigang Hukuman para sa pagsasa-ayos ng di-pagkakaunawaan ng mga bansa
4. Ang pagluwalhati sa katarungan bilang namumunong alituntunin sa lipunan ng tao.
5. Ang pagtataas ng katayuan ng paggawa, na ginagawa sa diwa ng paglilingkod, bilang katumbas ng pagsamba
6. Ang relihiyon bilang muog para sa pangangalaga ng lahat ng mga tao at bansa
7. Isang espiritwal na lunas sa mga suliraning pangkabuhayan
8. Mahigpit na pagsunod sa pamahalaan ng sariling bansa

**"Hindi nararapat na ipagmalaki ang sarili na nagmamahal sa sarili niyang bansa, kundi karapatdapat sa kanya na nagmamahal sa buong daigdig. Ang daigdig ay iisang bansa, at ang sangkatauhan ang mga mamamayan nito."**


**— Baha'u'llah**

Lakip sa maikling paliwanag na ito ang marubdob na paanyaya na saliksikin no para sa iyong sarili at sa iyong pamilya at pagisipan kung ano ang magiging bahagi mo sa mga programa nito.

Para sa karagdagang kaalaman maki-ugnay sa mga Baha'i sa iyong lugar o sumulat sa:

The Bahá'í Faith Tagalog
www.bahai.org/national • 1-800-22UNITE
The Bahá'í House of Worship
100 Linden Ave., Wilmette, IL 60091
how@usbnc.org • www.bahaitemple.org
(847) 853-2300

# PANANAMPALATAYANG BAHA'I
## ILANG MGA IMPORMASYON



*Bahá'í House of Worship, Wilmette, U.S.A.*


## PANANAMPALATAYANG BAHA'I

Ang Pananampalatayang Baha'i ay isang malayang pandaigdigang relihiyon, banal ang pinagmulan, sumasaklaw sa lahat, malawak ang pananaw, maka-agham ang pamaraan, maka-tao ang mga alituntunin at masigla ang impluwensiyang idinudulot nito sa mgapuso at isipan ng mga tao. Itinataguyod nito ang kaisahan ng Diyos, kinikilala ang kaisahan ng Kanyang mga Propeta at itinuturo ang simulain ng pagkakaisa at Kabuuan ng buong lahi ng tao.

## MAIKLING KASAYSAYAN NG PANANAMPALATAYANG BAHA'I

Ang mapanglikhang Salita ng Diyos sa bawat Dispensasyon ay ipinagkakaloob sa sangkatauhan sa pamamagitan ng Kanyang mga Propeta at mga Sugo. Ang Tatlong Pangunahing Katauhan ng Pananampalatayang Baha'i ay ang Bab (1819-1850), si Baha'u'llah (1817-1892) at si 'Abdu'l-Baha (1844-1921).

**ANG BAB**



Noong ika-23 ng Mayo 1844, ang isang maningning na kabataan sa Persia na tinagurian ng Bab (nangangahulugang Ang Pinto) ay nagpahayag na siya ang nauuna upang ihanda ang daan at ibalita ang pagdating ng bagong espiritwal na katauhan. Ang Kanyang mga turo ay napakalalim at laganap na tinanggap, ngunit ipinalagay itong hidwang paniniwala ng mga kinikilalang pinuno ng relihiyon. Ang Bab ay inusig at sa wakas ay pinatay noong 1850. Sa loob ng sumunod na dalawang dekada, mahigit sa 20,000 tagasunod ng Bab ay malupit na pinatay.

**BAHA'U'LLAH**



Si Baha'u'llah (nangangahulugang Luwalhati ng Diyos) ay ipinanganak sa isang maharlikang pamilya at mula pa sa murang edad ay nakilala na Siya dahil sa namumukodtanging kagalingan, katalinuhan at kaalaman. Dahil itinaguyod Niya ang Pananampalataya ng Bab dumanas Siya ng labis na hirap at pagkabilanggo. Noong 1853, sa loob ng piitan, Siya ay tumanggap ng kaalaman na Siya ang Ipinangakong Nilalang na ibinalita ng Bab. Noong 1863, sa Kanyang pagkakatapon sa Baghdad, ipinahayag ni Baha'u'llah sa madla na Siya ang Ipinangakong Nilalang. Walangpuknat Siyang inusig ng pamunuan ng simbahan na nagtapon sa Kanya mula sa Baghdad tungo sa Constantinople at Adrianople at sa wakas sa Akka, Palestine (1868). Si Baha'u'llah ay yumao noong 1892 at Siya ay nakalibing sa Bahji, kaharap ng Mount Carmel.

Noong Siya ay nabubuhay pa, nakita ni Baha'u'llah ang paglaganap ng Kanyang relihiyon na lampas pa sa Persia at sa Ottoman Empire patungo sa Caucasus, Turkistan, India, Burma, Egypt at sa Sudan. Sa mga taon ng Kanyang pagkakabilanggo nagpahayag si Baha'u'llah ng libo-libong nagbibigay-buhay na mga Kasulatan, na kasama ng mga Kasulatan ng Bab at ni 'Abdu'l-Baha, ay bumubuo ng malawak na Banal na Kasulatan ng Pananampalatayang Baha'i. Ang mga Banal na Kasulatan ay mga Banal na Kasulatan ng isang pangunahing relihiyon ay mismong makikita sa sulat-kamay ng Tagapagtatag nito o di-kaya'y nilagdaan ng Tagapagtatag kung ito'y isinulat ng Kanyang kalihim.

**'ABDU'L-BAHA**

Sa Kanyang Huling Habilin at Testamento, hinirang ni Baha'u'llah ang Kanyang panganay na anak na si 'Abdu'l-Baha (Tagapaglingkod ng Luwalhati) bilang pinuno ng pamayanang Baha'i at ang tanging may karapatan na magbigay-pakahulugan sa Kanyang mga turo. Sinamahan Niya ang Kanyang ama sa lahat ng pagkakatapon sa Kaniya, mula pa sa ika-siyam na taong gulang (1853). Ang Kanyang pagkapiit ay tumagal ng apatnapung taon. Sa Kanyang panunungkulan ang Pananampalatayang Baha'i ay umabot sa United States, Canada, Britain at Europe. Yumao Siya noong ika-28 ng Nobyembre 1921 sa Haifa at siya'y nakalibing sa Mount Carmel sa mismong Dambana ng Bab.

Sa Kanyang Huling Habilin at Testamento, hinirang ni 'Abdu'l-Baha ang Kanyang apo, si Shoghi Effendi, bilang Tagapagalaga ng Pananampalataya, sa gayon ay napangalagaan na hindi makawatak-watak ang Pananampalataya at tiniyak ang patuloy na pagkakaisa ng mga mananampalataya.


**SHOGHI EFFENDI**

Sa pamumuno ni Shoghi Effendi, ang Pampangasiwaang Kaayusang Baha'i ay natatag at ang Pananampalataya ay lumaganap sa buong daigdig. Pinalawak ng kanyang mga kasulatan ang mga pananaw ng Pananampalataya. Sa loob ng tatlumpu't-anim na taon si Shoghi Effendi ay masiglang nagsumikap hanggang sa kanyang pagyao noong Nobyembre 1957. Kung gayon sa loob ng 113 taon (1844-1957) itong ipinahayag na relihiyon ng Diyos ay napangalagaan at tinangkilik ng patuloy na daloy ng pamamatnubay, na walang katulad sa ibang mga Pandaigdigang relihiyon.

**PANGASIWAANG BAHA'I**

Ang Pamayanang Baha'i ay pinamamahalaan sang-ayon sa mga alituntuning ipinahayag ni Baha'u'llah at sa pamamagitan ng mga institusyong nilikha Niya. Ang mga institusyong ito ay nangangasiwa sa pamamagitan ng mga hinalal na lupon sa pandaigdig, pambansa at lokal na mga antas. Hindi kasama sa pamamaraan ng halalan ang mga partido o pangkat, ang nominasyon at ang pangangampanya para sa tungkulin. Sa lahat ng antas ng Pangasiwaang Baha'i ang pagbubuo ng pasiya ay sa pamamagitan ng pagsasanggunian ng Baha'i, kung saan ang bawat kasapi ng hinalal na lupon ay may pantay na karapatan at tungkulin ng pagsa-

**PANDAIGDIGAN — Universal House of Justice**



Ang namamahalang lupon na ito na may siyam na kasapi, na inihahalal sa tuwing ika-limang taon, ng lahat ng mga Baha'i National Spiritual Assembly sa buong daigdig, ay nanunungkulan mula sa luklukan nito sa Haifa, ang Pandaigdigang Sentro ng Pananampalataya. Ang Pinagpalang Lupain ang espiritwal na sentro ng Pananampalatayang Baha'i sa kadahilanang ang tatlong pangunahing katauhan nito ay doon nakalibing at sang-ayon sa kautusan ni Baha'u'llah ang pandaigdigang Pangasiwaan nito ay doon din itinatag. Ang Universal House of Justice ang namumuno sa pag-unlad ng Pananampalataya at sa pagpapatupad ng mga turo ni Baha'u'llah sa isang nagbabagong pandaigdigang pamayanan.


**PAMBANSA — National Spiritual Assembly**

Isang lupon na may siyam na kasapi ang nanunungkulan sa pangangasiwa ng mga gawain ng Pananampalatayang Baha'i sa pambansang antas. Bawat taon, ang mga Baha'i ay humahalal ng mga delegado para sa pambansang kapulungan na humahalal sa National Spiritiual Assembly na siyang nagpapasigla, bumubuklod at nag-uugma sa mga gawain ng mga Baha'i at nangangasiwa sa pangkalahatang mga gawain ng Pananampalataya sa buong bansa.

**LOKAL — Local Spiritual Assembly**

Ang pangangasiwa ng pamayanang Baha'i ay nagsisimula sa lokal na antas sa pamamagitan ng paghahalal ng Local Spiritual Assembly, na binubuo ng siyam na kasapi na may kapangyarihan sa lahat ng mga lokal na gawain ng pamayanang Baha'i.

**ANG PANANAMPALATAYANG BAHA'I AT ANG UNITED NATIONS**



Ang Pananampalatayang Baha'i ay mayroong kinikilalang kinatawan sa United Nations Headquarters sa kapwa pambansa at pandaigdigang antas bilang isang di-pampamahalaang kapisanan (NGO) mula pa noong 1948. Ito'y mayroong "consultative